Paano Maglaro

Pai Gow Tiles

Masiyahan sa paglaro.
Alamin kung paano maglaro bago magsimula.

Ang Pai Gow Tiles ay Chinese Dominoes na nilalaro gamit ang tatlumpu't-dalawang dominoes na ibinibigay ng Dealer. Sa simula ng isang hand, paghahaluin ng Banker ang 32 dominoes at aayusin niya ito sa walong stacks na 4 na dominoes – Apat na dominoes ang ibinibigay sa bawat manlalaro, sa bawat bakanteng manlalaro na nakaposisyon sa table, at sa dealer.

Sa Pai Gow Tiles, kukunin ng dealer at ng mga manlalaro ang kanilang turn sa pagiging bangko. Ang bangko ay pinaiikot pagkatapos ng bawat round ng laro.

Ang layunin ng laro ay ang gumawa ng dalawang hands sa pinakamahusay na kombinasyon ng ranking: ang pinakamataas na kombinasyon ng ranking (high hand) at pangalawang pinakamataas na kombinasyon (low hand). Upang manalo, dapat matalo ng high hand at low hand ng Manlalaro ang high hand at low hand ng Banker.

Kung natalo ng iyong dalawang hands ang hands ng Banker, panalo ka at ang iyong pusta ay babayaran nang even money. Kung natalo ang iyong dalawang hands laban sa hands ng Banker, talo ang iyong pusta. Kung nanalo ka ng isang hand habang natalo ang kabilang hand, ito'y isang push at ang iyong pusta ay isasauli sa iyo. Kung patas lamang ang hands mo at ang hands ng Banker, panalo ang Banker.

Kung nanalo ka sa dalawang hands, mangongolekta ang banker ng 5% ng iyong panalo bilang komisyon.

Hand Ranking and Scoring

Ang lahat ng dominoes ay may mga tanging pangalan at ranking, tulad ng nakasulat sa talangguhit sa ibabâ. Ang pulang spots ay hindi importante para sa ranking ng tiles. Ginagamit lamang ang mga ito upang makita mo ang pagkakaiba ng isang tile mula sa iba.

Ang pinakamataas na ranking pair ay isang hindi magkapares na pair na tinatawag na Gee Joon. Ang magkasamang tiles na ito ay ang pinakamataas na ranking pair, pero kapag magkahiwalay, ang rank ng bawat tile ay ang pinakamabâ.

Ang susunod na labing-isang pares ay magkapares na pairs simula sa Teen hanggang sa Look.

Ang mga natitirang apat na pares ay ang hindi magkapares na pairs ng Gow, Bot, Chit, at Ng.

Ang huling dalawang kombinasyon na ranking ay tinatawag na Wongs at Gongs. Ang isang Wong ay anumang 12 o 2 tile na kombinasyon kasama ng 9. Ang Gong ay anumang 12 o 2 tile na kombinasyon kasama ng anumang 8.

Kung wala kang Pairs, Wongs, o Gongs sa iyong hand, ang rank ng hand ay magiging ayon sa indibidwal na halaga ng numero (9 hanggang 0).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Paano Maglaro ng table games, magtanong sa isang Dealer Supervisor, bumisita sa isang GameSense Info Centre sa lugar na ito, o magpunta sa www.bclc.com

bclc playing it right
GameSense
engage your GameSense.ca